

# Konsultasyon ng mga Banyaga

## Q & A



こうえきざいだんほうじん あきたけんこくさいこうりゅうきょうかい  
公益財団法人 秋田県国際交流協会

(Akita International Association)

In cooperation with :

Association of Akita Prefecture for Promoting Northeast Asia Exchange Japan

Binuo namin sa isang aklat ang katanungan at sagot ng mga banyagang nakatira dito sa Akita.

Mahigit kumulang na 4000 ang banyagang nakatira dito sa Akita Prefecture. Dahil sa pagkakaiba ng salita, kultura at pamumuhay dito sa Japan kumpara sa sariling bansa, tiyak na marami kayong hindi alam at nagtatanong ng 「Ano ang aking gagawin sa ganitong sitwasyon ? 」

Dito sa opisina ng Akita International Association , tumatanggap kami ng mga konsultasyon mula sa lahat.

Ang Q & A na ito ay ginawa ng AIA batay sa mga konsultasyon na tinanggap namin mula noon.

Kung mayroon pa rin kayong katanungan o inaalala, mangyaring tumawag lamang o kaya magpadala ng e-mail sa opisina ng AIA.

The image shows a screenshot of a Japanese website with a Q&A section. A red callout box at the top right points to the text 「Q」 Mga tanong、「A」 kasagutan sa inyong katanungan. Another red callout box on the right points to contact information for the Akita Prefecture Police Department Driving License Center, including the phone number 018-863-1111 and a URL. A third red callout box at the bottom left points to a section titled 「もっと詳しく知りたい方へ」 (For those who want to know more details), which contains information about exchanging a foreign license for a Japanese one.

Sa karagdagang impormasyon, nakasulat dito ang mas detalyadong impormasyon tungkol sa nilalaman ng Q.

Kung gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa nakasulat, tumawag lamang sa AIA.

# Talaan ng mga nilalaman

(Itong Q & A ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga bagay na ito.)

Q 1	Ano ba ang Status of Residence?	1
Q 2	Nakatanggap ako ng Resident Card nung ako ay dumating dito sa Japan. Kailan ba gagamitin ang card na ito?	1
Q 3	Ano ang maaari kong gawin upang baguhin ang aking Status of Residence, o kaya nais kong pahabain ang aking pananatili dito?	2
Q 4	Namatay ang aking asawang Hapon. Maaari ba akong patuloy na manirahan dito sa Japan?	2
Q 5	Anong paraan ang maaari kong gawin upang patuloy na manirahan dito sa Japan?	2
Q 6	Ano ang dapat kong gawin para dalhin at patirahin dito ang anak kong nasa sarili kong bansa?	2
	Makipag-ugnayan tungkol sa Status of Residence	3
	Karagdagang impormasyon (VISA) at Status of Residence	4
	Karagdagang impormasyon (Spouse or Child of Japanese National) at Permanent Resident	4
	Karagdagang impormasyon «Tungkol sa pagdala ng anak dito sa Japan at edukasyon nito»	4
Q 7	Nais pumasyal ng aking pamilya at kaibigan dito sa Japan. Ano ang maaari kong gawin?	5
Q 8	Maaari ko bang i-renew ang aking pasaporte dito sa Japan?	5
	Contact Information ng Embahada at Konsulada	6
Q 9	Nawala ang aking pasaporte. Saan ko ito dapat ipaalam?	7
	Karagdagang impormasyon «Pasaporte at paglipat ng mga tatak nito»	7
Q 1 0	Pakituro sa akin ang paraan ng International Marriage.	8
	Karagdagang impormasyon «Kasal sa pagitan ng isang Hapon at hindi Hapon»	8
	Karagdagang impormasyon «Kasal sa pagitan ng dalawang hindi Hapon»	8
Q 1 1	Anong proseso ang kailangan para sa pakikipag-diborsiyo?	9
Q 1 2	Sabi ng asawa kong Hapon na ipapasa niya sa tanggapan ng pamahalaan ang dokumento ng diborsyo. Subalit ayokong makipag-hiwalay. Ano ang dapat kong gawin?	9
	Karagdagang impormasyon «Internasyonal na Kasal»	10
	Karagdagang impormasyon «Paraan ng pakikipag-diborsyo sa Japan»	10
	Karagdagang impormasyon «Status of Residence pagkatapos ng diborsyo»	10
	Karagdagang impormasyon «Pag-papakasal uli»	10
Q 1 3	Makikipag-hiwalay ako sa asawa kong Hapon subalit nais kong ako ang magpalaki sa aking anak. Anong mangyayari sa anak ko pagkatapos ng diborsyo?	11



Q 1 4	Ako ay pinapalo at sinisipa ng aking asawa. Hindi pa ako magaling magsalita ng wikang Hapon at wala akong makausap tungkol dito, hindi ko alam kung ano ang aking gagawin.	12
	Karagdagang impormasyon «Karahasan mula sa kasintahan o asawa»	13
Q 1 5	Naghahanap ako ng trabaho dito sa Akita. Paano bang maghanap?	13
	Karagdagang impormasyon «Para sa mga banyaga na nais magtrabaho sa Japan»	13
	Contact List ng Hello Work	14
Q 1 6	Nalaman ko na mababa pa sa minimum na sahod ng Akita ang natatanggap ko. Dahil ba banyaga ako kaya mababa ang suweldo ko?	15
	Karagdagang impormasyon «Batas sa paggawa»	16
	Karagdagang impormasyon «kapag nagbitiw sa trabaho . . . »	17
	Karagdagang impormasyon «Labor Standards Inspection Offices»	17
Q 1 7	Nais kong pumunta ng ospital, ngunit hindi ako makapagsalita ng wikang Hapon.	18
Q 1 8	Ano po ba ang sistema ng Public Health Insurance ng Japan?	19
	Karagdagang impormasyon «Japan Public Health Insurance System»	19
Q 1 9	Makapasok ba sa paaralang elementarya at junior high ang anak kong galing sa sariling bansa na dinala ko dito sa Japan?	20
	Karagdagang impormasyon «Mga anak ng banyaga na nangangailangan ng edukasyon ng wikang Hapon • Suporta sa mga mag-aaral (Compulsory education age • Pamublikong paaralan lamang)	21
	Karagdagang impormasyon «Tungkol sa wikang Hapon ng mga bata»	21
	Listahan ng Board of Education sa Akita Prefecture	22
Q 2 0	Maaari ba akong magmaneho dito sa Japan kapag mayroon akong lisensya sa sarili kong bansa?	23
	Karagdagang impormasyon «Pagpapalit ng Foreign Drivers License para sa Japanese Drivers License»	24
	Karagdagang impormasyon «Tungkol sa mga foreign language textbooks kung kukuha ng lisensya dito sa Japan»	24
Q 2 1	Marami akong gustong malaman tungkol sa pamumuhay dito sa Japan, subalit nahihirapan akong magbasa sa wikang Hapon. Mayroon bang aklat tungkol dito na nakasulat sa sarili kong wika?	25
Q 2 2	Naghahanap ako ng taong makakapag-paliwanag at makakapag-salin ng wikang Hapon. Mayroon po ba kayong maipapakilala sa akin?	26
Q 2 3	Tumanggap ako ng My Number. Kailan ito gagamitin?	27
	Iba-ibang proseso na maaaring gawin sa opisina ng bayan.	28
	Mga Regional Foreign Counselors ng AIA	29
	Kung saan makakapag-aral ng wikang Hapon (Listahan ng Japanese Language Schools)	30
	Listahan ng mga kunsultahan	32

**Q 1 Ano ba ang Status of Residence ?**

A 1 Ang Status of Residence ay ang kwalipikasyon na kailangan upang manirahan dito sa Japan. Ayon sa uri ng Status of Residence (Visa), ang mga kondisyon tulad ng hanggang kailan ka maaaring manatili dito sa Japan o magtrabaho ay naiiba. Kung nais niyong mamasyal o bumisita sa kapamilyang nasa Japan sa loob ng 90 ka-araw, kailangan ninyo ng “Temporary Visitor” na Visa.

**Q 2 Nakatanggap ako ng Resident Card nung ako ay dumating dito sa Japan. Kailan ba gagamitin ang card na ito?**

A 2 Nakasulat sa Resident Card ang uri ng inyong Status of Residence, hanggang kailan ito at kung maaari kayong magtrabaho. Napakahalaga ito dahil ito’y nagpapatunay na maaari kayong manirahan dito sa Japan. Kaya palagi ninyo itong dadalhin.

Harapan	Likuran
	

>2020.01.01 「Immigration Office HP」

Q 3 Ano ang maaari kong gawin upang baguhin ang aking Status of Residence, o kaya nais kong pahabain ang aking pananatili dito?

A 3 May mga pagkakaiba sa kailangang proseso depende sa inyong Status Of Residence o sitwasyon sa buhay. Tumawag sa Opisina ng Imigrasyon o Information Center.  
☎Telepono sa pahina 3.

Q 4 Namatay ang aking asawang Hapon. Maaari ba akong patuloy na manirahan dito sa Japan?

A 4 Kung ang kasalukuyan niyong Status of Residency ay “Spouse or Child of Japanese National” ,mawawalan ito ng bisa kapag ma-expire na. Makipag-ugnayan kayo sa Opisina ng Imigrasyon upang malaman ang kailangan proseso para manatili dito sa Japan.  
☎Telepono sa pahina 3

※Pareho din ito kapag maghiwalay ang mga banyaga sa kanilang mga asawang Hapon.

Q 5 Anong paraan ang maaari kong gawin upang patuloy na manirahan dito sa Japan?

A 5 Kung mayroon kayong “Permanent Resident Permit” , hindi niyo na kailangan pang baguhin ito para patuloy manirahan dito. Magtanong sa Opisina ng Imigrasyon kung paano makakuha ng Permanent Resident Permit.  
☎ Telepono sa pahina 3

Q 6 Ano ang dapat kong gawin para dalhin at patirahin dito ang anak kong nasa sarili kong bansa?

Q 6 Kailangan ng Visa at Resident Status ng inyong anak. Para sa detalyadong impormasyon, tumawag sa Information Center o sa Opisina ng Imigrasyon.  
☎ Telepono sa pahina 3  
Depende sa edad ng bata, kailangan ding pag-isipan ang pagpasok nito sa paaralan.  
Q 1 9 (☎pahina 20) please check.

## Hotline para sa Status of Residence

- Sendai Regional Immigration Bureau Akita Branch Office (Japanese)

TEL : 018-895-5221

Oras at araw : 9 : 00-12 : 00、 13 : 00-16 : 00 (Weekdays)

- Consultation Support Center for Foreign Residents

(Maaari kaming makipag-usap sa ibang wika)

TEL : 03-3202-5535 / 03-5155-4039

Oras at araw : 9 : 00-16 : 00 (Weekdays)

※Public Holiday、 Ika- 2 at ika-4 na Miyerkules sarado

Wika

Araw na maaring tumawag

	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
Chinese	○	○	○	○	○
English	○	○	○	○	○
Portugese	○				
Vietnamese				○	○
Bengal		○			
Indonesian		○			
Spanish			○		○

- Foreign Residents Information Center ( Ibang Wika )

TEL : 0570-013904 (IP、 PHS、 Tawag galing sa ibang bansa 03-5796-7112)

Oras at Araw : 8 : 30-17 : 15 (Weekdays)

English, Korean, Chinese, Spanish atbp.



### Karagdagang impormasyon

#### 《Kaibahan ng Visa at Status of Residence》

Ang Bisa ay ibinibigay ng Ministry of Foreign Affairs na makukuha mo sa Embahada ng Bansang Hapon o konsulado na nasa iyong bansa, bago ka pumasok ng Japan.

Ang Status of Residence ay binibigay ng Immigration Bureau kapag pumasok ka ng Japan.



### Karagdagang Impormasyon

#### 《Spouse or Child of Japanese National at Permanent Resident》

	Spouse or Child of Japanese National	Permanent Resident
Panahon ng paninirahan	6 na buwan, 1, 3, 5 taon (Extension of Period of Stay kailangan)	Indefinite period (Hindi na kailangan magpa-extension)
Kung mamatay ang asawang Hapon o mag-diborsiyo.	Dahil hindi mo na ma-renew ang iyong Status of Residency, Kailangan mong kumuha ng iba. ※Maaari kang manatili sa Japan hanggang sa matapos ang pinahintulutang Period of Stay	Hindi nakakaapekto sa iyong Status of Residence kaya maaaring manatili dito sa Japan.

• Ang ‘Permanenteng Residente’ ay may karapatang manatili ng permanente dito sa Japan bilang banyaga na may ibang nasyonalidad. Mag-aplay sa Immigration Office. Isa itong uri ng Staus of Residence.

• Ang ‘Naturalisasyon’ ay ang pagkuha ng dayuhan ng Japanese Citizenship. Samakatuwid nagiging Hapon. Mag-aplay sa Legal Affairs Bureau.

Akita Regional Legal Affairs Bureau Civil Registration Division

TEL : 018-862-1129

Weekdays : 8 : 30 a.m. – 5 : 15 p.m.



### Karagdagang impormasyon

#### 《Pagpapunta ng anak na hindi Hapon sa Japan at edukasyon nito》

Kailangang pag-isipan mo ang mga bagay na ito bago mo papuntahin sa Japan ang iyong anak.

- ① Edad ng bata
- ② Kakayahan nitong magsalita ng Hapon
- ③ Edukasyon sa Japan



**Q 7** Nais pumasyal ng aking pamilya at kaibigan dito sa Japan. Ano ang maaari kong gawin?

**Q 7** Ayon sa nasyonalidad ng iyong pamilya o kaibigan, maaaring kailanganin niya o hinde ang Bisa. Para sa detalye, makipag-ugnayan sa Embahada o Konsulado ng iyong bansa. (☞pahina 6)

**Q 8** Maaari ko bang i-renew ang aking pasaporte dito sa Japan?

**A 8** Maaari kang makapag-renew ng iyong pasaporte sa Embahada o Konsulado ng iyong sariling bansa na narito sa Japan. Kumpirmahin sa Embahada o Konsulado ng iyong bansa (☞pahina 6) ang mga detalye. At tsaka, mayroong “one day consulate service” ang mga bansang China at Pilipinas na ginaganap sa Akita Prefecture at Iwate Prefecture. Kung gayon, maaari kayong magpa-renew ng pasaporte at kumunsulta ng ibang bagay doon. Alamin sa Konsulado kung kailan at saan gaganapin ang one day consulate service na ito.

## Listahan ng Mga Embahada at Konsulado

Bansa	Pangalan ng Opisina	Telepono
China	Consulate General of the people' s Republic of China	011-563-5563
Philippines	Embassy of the Republic of the Philippines	03-5562-1600
Korea	Consulate General of the Republic of Korea in Sendai	022-221-2751
U. S. A	American Consulate General in Sapporo	011-641-1115 011-641-1116 011-641-1117
Vietnam	Embassy of the Socialist Republic of Vietnam	03-3466-3311 03-3466-3313 03-3466-3314
Thailand	Royal Thai Embassy	03-5789-2433
Indonesia	Embassy of the Republic of Indonesia	03-3441-4201

Para sa Embahada at Konsulado ng ibang bansa, hanapin sa Listahan ng mga Embahada sa Japan.

Ministry of Foreign Affairs Foreign Embassy in Japan List  
 URL: <http://www.mofa.go.jp/mofaj/link/emblast/>

Q 9 Nawala ang aking pasaporte. Saan ko ito dapat ipaalam?

A 9 Pumunta agad sa Pulisya kapag ang inyong pasaporte ay nawala o kaya ninakaw dito sa Japan. Tapos, tumawag sa Embahada sa Japan ng sariling bansa upang ipaalam na nawala o ninakaw ang inyong pasaporte. (☎pahina 6)



### **Karagdagang impormasyon**

#### **《Mga tatak sa pasaporte》**

Ang inyong pasaporte ay naglalaman ng landing at re-entry permit, subalit hindi nila ito itatatak sa bago mong pasaporte. Ang Immigration Bureau ng Japan ang maglilipat ng tatak ng landing at re-entry permit sa bagong pasaporte.

(Kung hindi ilipat ang tatak o selyo, kailangan mong gamitin ang luma at bagong pasaporte hanggang mawalan ng bisa ang status of residence mo.)



## Q 1 0 Pakituro sa akin ang paraan ng International Marriage

A 1 0 Kung magpapakasal sa Japan, ipasa ang “Marriage Registration Form” sa city/town hall. Ipaalam din ito sa Embahada o Konsulado ng sariling bansa. (☞pahina 6) Maaring ma-iba ang pamamaraan depende sa bansa.



### Karagdagang impormasyon

#### 《Kasal sa pagitan ng banyaga at Hapon》

Kapag nais magpakasal ng isang banyaga at Hapon, kailangan i-rehistro ang kasal sa kani-kanilang bansa. Kung sa isang bansa ka lang naka-rehistro, maaring magka-problema mamaya kung hindi mo mapatunayan sa isa pang bansa na ikaw ay ikinasal.

May dalawang paraan, maaring magpakasal muna sa Japan tapos i-rehistro sa ibang bansa, o kaya magpakasal muna sa ibang bansa tapos magpa-rehistro dito sa Japan.

Depende sa bansa, mayroong bansang mas madaling gawin ang ikalawang paraan kaysa una.



### Karagdagang impormasyon

#### 《Kasal sa pagitan ng dalawang hindi Hapon》

Kung ang dalawang banyaga ay nais magpakasal sa Japan, maaaring maiba ang paraan depende sa kanilang bansa, kaya alamin sa kinauukulang embahada o konsulado ang tamang proseso. (☞pahina 6)

At tsaka, kung walang problema sa pagpapakasal sa Japan, maaaring alamin ang mga kakailanganing dokumento sa munisipyo kapag magpa-rehistro dito.

Siyempre, kailangan i-rehistro ang kasal sa kani-kanilang bansa.



**Q 1 1** Anong proseso ang kailangan para sa pakikipag-diborsiyo?

**A 1 1** Kapag makikipag-diborsiyo sa Japan, magpasa ng “Divorce Notification” sa city/town hall.

Ipaalam din ito sa embahada o konsulado (☎pahina 6) ng sariling bansa.

Maaring ma-iba ang proseso depende sa bansa.



Konsultasyon tungkol sa proseso sa Japan

• Hoterasu Akita TEL : **050-3383-5550 / 0570-078374**

9:00 a.m - 5:00 p.m. (weekdays)

• Akita Bar Association

Legal Assistance Center TEL : **018-896-5599**

9:00 a.m. - 5:00 p.m. (weekdays)

• Libreng legal na konsultasyon ng munisipyo

**Q 1 2** Sabi ng asawa kong Hapon na ipapasa niya sa tanggapan ng pamahalaan ang divorce notice (rikon todoke). Subalit ayokong makipag-hiwalay. Ano ang dapat kong gawin?

**A 1 2** Ituturing kang diborsiyado kapag nakatanggap na ng divorce notice ang tanggapan ng pamahalaan , kahit na ayaw mong makipag-diborsiyo. Kung ayaw ninyong makipag-diborsiyo, pumunta sa city/town hall kung saan nakarehistro ng permanenteng residente ng iyong asawang hapon at magpasa ng “request for non-acceptance of divorce notice” (rikon todoke no fujuri moushide). Sa gayon, hindi tatanggapin ng city/town hall ang divorce notice.



### **Karagdagang impormasyon**

#### **《International Divorce》**

Kapag makikipag-diborsyo ang Hapon at banyaga, o parehong hindi Hapon na mag-asawa, kailangang lakarin ang diborsyo sa lahat ng bansa kung saan nagpa-rehistro ng kasal. Kapag sa Japan ka lang maglakad ng diborsyo, mananatili kang kasal pa din sa sariling bansa. Maaring magdulot ito ng problema sakaling maisipan mong magpakasal uli, kaya kailangang gawin ang tamang proseso ng pakikipag-hiwalay.

Para sa detalye, magtanong lamang sa embahada o konsulado ng iyong bansa na nasa Japan.

(☞pahina 6)



### **Karagdagang impormasyon**

#### **《Mga pamamaraan ng diboriyo sa Japan》**

##### **May 4 na paraan ng pakikipag-diborsyo**

① Diborsyo sa pamamagitan ng kasunduan (Kyougi Rikon)

Napag-desisyunan ng mag-asawa na maghiwalay pagkatapos mapag-usapan.

② Divorce by mediation (Choutei Rikon)

Matapos pakinggan ng family court ang panig ng bawat isa sa mag-asawa, pag-uusapan at pagpapasiyahan magdiborsyo.

③ Diborsyo sa pamamagitan ng paghatol (Shinpan Rikon)

Kung hindi makapag-desisyon sa pamamagitan ng pag-uusap, ang family court na ang hahatol ng desisyon.

④ Divorce by adjudication (Saiban Rikon)

Magsampa ng kaso sa family court upang makapag-diborsyo.



### **Karagdagang impormasyon**

#### **《Status of residence pagkatapos makipag-diborsyo》**

Ang mga nakipag-diborsyo o namatayan ng asawang Hapon na may “Spouse or child of Japanese National” na status of residence ay mananatiling ganito hanggang ma-expire ito, subalit hindi na sila makakapag-renew. Kung nais pang manatili dito sa Japan, kailangang kumuha ng ibang uri ng status of residence. Para sa detalye, makipag-ugnayan sa Immigration Bureau ng Japan. (☞pahina 3)



### **Karagdagang impormasyon**

#### **《Pagpapakasal uli》**

Ayon sa batas ng Japan, hindi maaaring magpakasal ang babae sa loob ng 6 na buwan pagkatapos nitong makipag-diborsyo. Subalit may exception, tulad ng kung ang pakakasalan uli ay ang dating asawa. Tiyakin sa city/town hall. Sa kaso ng banyagang babae na nais magpakasal uli, hindi lang ang waiting period ng 100 days ng Japan ang dapat sundin, kundi pati din ang batas sa sariling bansa.

**Q 1 3** Makikipag-hiwalay ako sa asawa kong Hapon subalit nais kong ako ang magpalaki sa aking anak. Anong mangyayar i sa anak ko pagkatapos ng diborsyo?

**A 1 3** Kapag makikipag-hiwalay, kailangang ninyong mag-desisyon kung sino ang magpapalaki sa inyong anak. Kausapin ang iyong asawa at magpasiya kung sino ang may karapatang magpalaki sa anak.

• **Hoterasu Akita (Lawyer Consultation, Legal Consultation)**

TEL : 050-3383-5550

9:00 a.m. – 5:00 p.m. (weekdays)

Hokuto Bldg. 6F

5-1-51 Nakadori, Akita City

• **Hoterasu • Multilingual Information Service**

TEL : 0570-078377

9:00 a.m. ~ 5:00 p.m. (weekdays)

English, Chinese, Korean, Spanish, Portugese, Vietnamese, Tagalog



**Q 1 4** Ako ay pinapalo at sinisipa ng aking asawa. Hindi pa ako magaling magsalita ng wikang Hapon at wala akong makausap tungkol dito, hindi ko alam kung ano ang aking gagawin.

**A 1 4** Huwag sarilinin ang problema, tiyaking manghingi ng payo. Kung nahihirapan kang manghingi ng tulong at payo sa wikang Hapon, may mga mapupuntahan ka at mahihingan ng tulong sa ibang wika.



	Telepono	Kailan	Wika
Akita Women' s Consultation Center	018-835-9052 0120-783-251 (*)	8:30 a.m -9:00p.m (Weekdays)  9:00 a.m - 6:00 p.m. (weekends/Holidays)	-
Akita Police Depart. "Women' s Line 110"	0120-028-110	24 Hours	-
Yoriso Hotline	0120-279-338	Depende sa oras at araw ang pagkunsulta sa iba' t-ibang wika. Alamin sa Yoroso Hotline Facebook page ang detalyadong impormasyon.	English Korean Chinese Tagalog Vietnamese Nepali Portugese Spanish Thai Indonesian

(\*)Hindi makakatawag galing sa labas ng prefecture o mula sa mobile phone.





## Karagdagang impormasyon


### 《Karahasan mula sa kasintahan o asawa》

Ang DV (domestic violence) ay hindi lamang ang pisikal na karahasan. Tinutukoy nito ang pisikal na karahasan ( pamamalo, paninipa, pamamato ng bagay), mental na karahasan (pang-insulto, paninigaw, hindi pamamansin), sexual na karahasan (hindi ginustong sexual na aktibidad, hindi tumutulong sa pagpigil ng pagbubuntis), pang-ekonomiyang karahasan (hindi pagbigay ng panggastos, pagpigil maghanap ng trabaho), social violence (paglilimita at pagsubaybay sa mga kaibigan at mga gawain).

Q 1 5 Naghahanap ako ng trabaho dito sa Akita. Paano bang maghanap?

A 1 5 Sa Hello Work (Public Employment Placement Office) , maaari kang humingi ng payo ukol sa trabaho. Libre ang pag-konsulta. Bago maghanap ng trabaho, suriin ang inyong status of residence, kung maaari kang makapag-trabaho ayon sa status of residence mo at kung hanggang kailan ito.

☞ Hello Work Telephone Numbers pahina 14



Manghingi ng payo.



Maghanap ng trabaho.



## Karagdagang impormasyon

### 《Para sa banyaga na nais magtrabaho dito sa Japan》

Upang makapagtrabaho ang isang dayuhan dito sa Japan, kailangan niya ng status of residence na nagpapahintulot na magtrabaho. Kapag nilabag mo ito, ito ay magiging ilegal na gawain at maaari kayong maparusahan. Halimbawa, ang student at family stay visa ay hindi pinapayagang magtrabaho, subalit maaring humingi sila sa Immigration Bureau ng work permit para makapag-trabaho ng part-time. Kahit na ang taong may working permit, kapag tatanggap ng trabahong labas sa kanyang visa ay kailangan kumuha pa ng permiso, halimbawa mayroong “skilled labor” visa subalit tatanggap ng sweldo sa interpreting kailangan niya ng “unqualified activity permission” .

## Hello Work Contact List

Pangalan (Lugar)	Telepono	Address
Hello Work Kazuno	0186-23-2173	82-4 Arata, Hanawa Kazuno
Hello Work Odate	0186-42-2531	1-5-20 Shimizu Odate
Hello Work Takanosu	0186-60-1586	26-1 Higashinakatai, Takanosu Kita-akita
Hello Work Noshiro	0185-54-7311	5-29 Midori-machi Noshiro
Hello Work Oga	0185-23-2411	1-3 Shinhama-cho, Funagawa Aza Funagawa Minato Oga
Hello Work Akita	018-864-4111	1-12-16 Barajima, Akita City
Hello Work Plaza Atorion	018-836-7820	2-3-8 Nakadori, Akita City (Atorion 3F)
Hello Work Plaza Goshono	018-889-8609	3-1-1 Jizouden Goshono Akita City (Akita Terusa 3F)
Hello Work Honjo	0184-22-3421	18-1 Tajirino, Ishiwaki Aza Yurihonjo City
Hello Work Omagari	0187-63-0335	33-3 Sumiyoshi-cho, Omagari Daisen City
Hello Work Kakunodate	0187-54-2434	32-3 Kodate, Kakunodate-machi Semboku City
Hello Work Yokote	0182-32-1165	1-2-26 Asahikawa, Yokote City
Hello Work Yuzawa	0183-73-6117	4-4-3 Shimizu-cho, Yuzawa City

**Q 1 6** Nalaman ko na mababa pa sa minimum na sahod ng Akita ang natatanggap ko. Dahil ba banyaga ako kaya mababa ang suweldo ko?

**A 1 6** Mayroong “minimum wage law” ang Japan na nagsasaad na bawal ang magpasahod ng mas mababa pa sa nakatakdang halaga, protektado nito ang mga manggagawang Hapon pati na ang mga banyaga. Mangyaring kumunsulta kayo kapag ang tinatanggap niyo ay mas mababa pa sa minimum, at kung pinapag-trabaho kayo sa araw ng inyong pahinga.

**• Akita Labor Bureau General Labor Consultation Corner**

TEL: **018-862-6684** (Japanese)

8:30 a.m. – 5:15 p.m. (weekdays)

**• Consultation for Foreign Workers**

Wika	Telepono	Araw	Oras
English	<b>0570-001701</b>	Lunes – Biyernes	10:00 a.m. - 3:00 p.m.  (12:00 – 13:00 Breaktime)
Chinese	<b>0570-001702</b>		
Portugese	<b>0570-001703</b>		
Spanish	<b>0570-001704</b>		
Tagalog	<b>0570-001705</b>	Martes, Biyernes	
Vietnamese	<b>0570-001706</b>	Lunes, Biyernes	
Wikang Myanmar	<b>0570-001707</b>	Lunes, Miyerkules	
Nepali	<b>0570-001708</b>	Martes, Huwebes	

## Technical Interns

### Organization for Technical Intern Training (OTIT)

Wika	Araw at Oras	Telepono	Website/URL
Vietnamese	Lunes - Biyernes 11:00 - 19:00	0120-250-168	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/vi/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/vi/</a>
Chinese	Lunes Miyerkules Biyernes 11:00-19:00	0120-250-169	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/cn/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/cn/</a>
Indonesian	Martes, Huwebes 11:00-19:00	0120-250-192	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/id/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/id/</a>
Tagalog	Martes, Sabado 11:00-19:00	0120-250-197	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/phi/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/phi/</a>
English	Martes, Sabado 11:00-19:00	0120-250-147	<a href="https://www.support.otit.go.jp/soudan/en/">https://www.support.otit.go.jp/soudan/en/</a>

Sarado sa holidays at bagong taon (Disyembre 29 - Enero 3)



### Karagdagang impormasyon

#### 《Batas sa paggawa》

Ang mga batas at regulasyon kaugnay sa paggawa ay naaangkop din sa mga dayuhang manggagawa na nagtatrabaho dito sa Japan.

“Labor Standards Act” : Tinutukuy ang mga kundisyon sa trabaho tulad ng sahod, Leave allowance at oras ng paggawa sa kontrata.

“Minimum Wage Law” : Tinitiyak na ang manggagawa ay hindi sumasahod ng mas mababa pa sa minimum na pasahod ng rehiyon.

(Mimimun Wage ng Akita ¥762 , Oktubre 1, 2018 ~)

“Worker’ s Accident Compensation Insurance Act” : Ang mga manggagawa ay mabayaran para sa pinsala na natamo sa trabaho , o papunta sa trabaho sa pamamagitan ng labor insurance system.

“Mayroon ka bang problema sa mga kondisyon sa trabaho?” na leaflet kaugnay sa Labor Standards Law ay inilabas sa mga wikang (Japanese, Chinese, Korean, Portugese, Spanish, Tagalog, Thai, Vietnamese) . Maaaring i-download mula sa HP ng Ministry of Health, Labor & Welfare o kaya kontakin ang lokal na Labor Standards Inspection Office

☎Telepono sa pahina 17

Ministry of Health, Labor & Welfare HP (Labor Standards Act related page)

URL: [http://www.mhlw.go.jp/new-info/kobetu/roudou/gyousei/leaflet\\_ki jun.html](http://www.mhlw.go.jp/new-info/kobetu/roudou/gyousei/leaflet_ki jun.html)



### Karagdagang impormasyon

#### 《kapag tumigil sa trabaho . . . 》

May mga kailangan kang gawin pagkatapos mag-retiro. Pumunta sa malapit na Hello Work (☎pahina14) o kaya makipag-ugnayan sa Akita Labor Bureau, Work Stability Department. (TEL:018-883-0007)



### Karagdagang impormasyon

#### 《Labor Standards Inspection Office》

Kung nais manghingi ng payo tungkol sa trabaho tulad ng hindi pagsunod sa batas sa paggawa, hindi makatarungang pagpa-alis, hindi binabayaran ang sahod, at iba pa, makipag-ugnayan lamang sa lokal na Labor Standards Inspection Office.

Labor Standards Supervision Office	Telepono	Sakop na lugar
Akita	018-865-3671	Akita City Oga City Katagami City Minami-Akita County
Odate	0186-42-4033	Odate City Kazuno City Kita-Akita City Kazuno County Kita-Akita County
Noshiro	0185-52-6151	Noshiro City Yamamoto County
Honjo	0184-22-4124	Yurihonjo City Nikaho City
Omagari	0187-63-5151	Daisen City Senboku City Senboku County
Yokote	0182-32-3111	Yokote City Yuzawa City Ogachi County

**Q 1 7** Nais kong pumunta ng ospital, ngunit hindi ako makapagsalita ng wikang Hapon.

**A 1 7** Kung wala kayong kasama sa ospital na marunong magsalita ng Hapon, mangyaring gamitin ninyo ang “multilingual medical questionnaire”. Ang questionnaire na ito ay para sa mga banyaga na nakatira sa Japan, upang maipaliwanag ang kanilang karamdaman o sugat sa doktor. Ito ay isinalin para sa 11 na medikal na departamento sa 18 wika. Hanapin ito sa internet o ipasok ang URL na nakasulat sa ibaba.

URL: <http://www.kifjp.org/medical/>



Mga wika ng questionnaire :  
 Indonesian, Tagalog, Persian, English, Chinese (Mandarin), Portugese, Cambodian, Japanese, Laotian, Spanish, Korean, Russian, Thai, Vietnamese, French, German, Arabic, Croatian, Nepali



**Q 1 8 Ano po ba ang sistema ng Public Health Insurance ng Japan?**

**A 1 8** May dalawang uri ng medikal na insurance ang Japan na magagamit kapag nagkasakit o nasugatan, ito ay ang Employees Health Insurance (Kenko Hoken) at ang National Health Insurance (Kokumin Kenko Hoken). Ang mga taong nagtatrabaho sa isang kumpanya ay maaaring pumasok sa Health Insurance samantalang sa National Health Insurance naman makakapasok ang mga hindi namamasukan sa isang kumpanya. Kahit alin sa insurance na ito mayroon ka, 30% lamang ang iyong babayaran kapag ika' y nagkasakit o nasugatan.

Harap ng Insurance card	Likod ng Insurance
	

>2020.01.01 Galing sa "Japan Health Insurance Association"

**Karagdagang impormasyon**

**《Japan' s Public Medical Insurance System》**

Dito sa Japan, maaaring bumalik ang perang ibinayad mo sa ospital kung lalakaran mo ang mga kailangan. Sa kabilang dako naman, kahit na ikaw ay may insurance may mga pagkakataon na hindi pa rin bababa ang halaga ng bayaran sa ospital. Intindihin nating mabuti ang sistema ng insurance dito.

※Maaring hindi na sumali ang mga galing sa mga bansang na pumirma ng Social Agreement sa Japan para sa Public Medical Insurance System.

- Target na mga bansa

  - Germany
  - Czech Republic
  - Luxembourg
  - America
  - United Kingdom
  - Spain
  - Korea
  - Canada
  - Belgium
  - Ireland
  - India
  - Brazil
  - France
  - Switzerland
  - Philippines
  - Netherlands
  - Hungary
  - Australia

**Q 1 9** Makakapasok ba sa paaralang elementarya at junior high ang anak kong galing sa sariling bansa na dinala ko dito sa Japan?

**A 1 9** Maaaring iba ang pamamaraan depende sa edad ng bata, subalit sila ay makakapasok sa paaralang elementarya at junior high ng Japan.

**【Edad 6 ~ 15 na bata】**

Nasasakop ang edad na ito sa compulsory education ng Japan. Hindi kasali sa compulsory education ang mga batang banyaga subalit kung nais ay maaari silang mag-aral sa mga paaralang elementarya at junior high.


Kung nais lumipat (pumasok sa gitna ng taon), makipag-ugnayan sa lokal na opisina ng Board of Education.

☞Board of Education Telephone List pahina 22

**【Edad 15~18 】**

Kung nais ninyong ilipat sa public high school ng Akita Prefecture ang batang nag-aral sa ibang prefecture o bansa, sumangguni lamang sa Akita Prefectural Education Agency High School Education Division. (TEL : 018-860-5161)

Gayundin, kung nais lumipat sa pribadong high school makipag-usap ng direktso sa paaralang nais pasukan.







### **Karagdagang impormasyon**

**《Mga anak ng banyaga na nangangailangan ng edukasyon ng wikang Hapon - Suporta sa mga mag-aaral (Compulsory education - Pamublikong paaralan lamang)》**

Para sa mga “dayuhang mag-aaral na nangangailangan ng edukasyon sa wikang Hapon”, ang sumusunod na suporta ay ibinibigay ng lokal na pamahalaan.

May karagdagang guro o tagapagturo ng wikang Hapon na magpapatnubay sa batang makakapasok sa regular na klase. O kaya, ang estudyante ay tatanggap ng klase sa wikang Hapon sa halip ng ibang klase.

Para sa detalye, magtanong sa lokal na Board of Education ([📄pahina22](#))



### **Karagdagang impormasyon**

**《Tungkol sa wikang Hapon ng mga bata》**

Para sa mga batang hindi Hapon ang sariling wika, maaring malaking balakid ang wikang ito kapag papasok sa mga paaralan ng Japan. Ang kasanayan sa wikang Hapon ang saligan sa pag-aaral sa paaralan, ngunit ang mga salitang maririnig araw-araw at ang mga salitang gamit sa mga aklat at sa klase ay maaaring bahagyang naiiba. Ang pagbabago ng pamumuhay at kultura, at sa mga pagkakaiba ng gawi at ang problema sa pag-aaral ng isang bagong wika ay may psychological burden sa mga bata at ito ay may malaking impluwensiya sa kanilang paglaki.

Kung nararamdaman ninyo na kailangan ang suporta sa wikang Hapon, makipag-usap muna kayo sa paaralan.

## Board of Education sa Akita Prefecture

Abril 4, 2019

Opisina	Telepono	FAX
Akita Prefectural Board of Education	018-860-5111	018-860-5851
Akita City Board of Education	018-888-5803	018-888-5804
Noshiro City Board of Education	0185-73-2757	0185-73-6459
Yokote City Board of Education	0182-32-2402	0182-32-4034
Odate City Board of Education	0186-43-7111	0186-54-6100
Oga City Board of Education	0185-24-9100	0185-24-9156
Yuzawa City Board of Education	0183-73-2161	0183-72-8515
Kazuno City Board of Education	0186-30-0290	0186-30-1140
Yurihonjo City Board of Education	0184-32-1306	0184-33-3381
Katagami City Board of Education	018-853-5361	018-853-5277
Daisen City Board of Education	0187-63-1111	0187-63-7131
Kita-akita City Board of Education	0186-62-6616	0186-63-2678
Nikaho City Board of Education	0184-38-2259	0184-38-2252
Senboku City Board of Education	0187-43-3381	0187-54-1727
Kosaka Town Board of Education	0186-29-2342	0186-29-4436
Kamikoani Village Board of Education	0186-60-9000	0186-77-3223
Fujisato Town Board of Education	0185-79-1327	0185-79-2227
Mitane Town Board of Education	0185-87-2115	0185-87-3052
Happo Town Board of Education	0185-77-2816	0185-77-3230
Gojome Town Board of Education	018-852-5372	018-852-5370
Hachirogata Town Board of Education	018-875-5812	018-875-5950
Ikawa Town Board of Education	018-874-4424	018-874-2924
Ogata Village Board of Education	0185-45-3240	0185-45-2661
Misato Town Board of Education	0187-84-4914	0187-85-3102
Ugo Town Board of Education	0183-62-2111	0183-62-3334
Higashi-Naruse Town Board of Education	0182-47-3415	0182-47-2119

Q 2 0 Maaari ba akong magmaneho dito sa Japan kapag mayroon akong lisensya sa sarili kong bansa?

Q 2 0 Depende kung saan kang galing na bansa, maaari o hindi ka makapag- maneho dito sa Japan. Magtanong sa Drivers License Center para sa detalye.

**Akita Prefectural Police Headquarters Drivers License Center**

TEL: 018-863-1111

**Drivers License General Information**

URL: <http://www.police.pref.akita.jp/kenkei/menkyo/menkyo.html>



### **Karagdagang impormasyon**

#### **《Pagpalit ng Foreign Drivers License sa Japanese Drivers License》**

Matapos manatili sa iyong sariling bansa ng higit-kumulang 3 buwan matapos makuha ang inyong lisensya at may bisa pa ito, maaari kayong mag-aplay na palitan ito ng Japanese Drivers License at naipasa ninyo ang skills test.

( Ang lisensya na galing sa mga bansa ng Region 1 at UK, Australia, Canada, Korea, Germany, France , Taiwan at 28 pang bansa ay hindi na kailangan pang kumuha ng test.)

Upang mag-aplay, kinakailangan ng Japanese translation ang foreign drivers license na galing sa isang foreign administration office tulad ng embahada o konsulado o kaya galing sa Japan Automobile Federation (JAF).

※Kung walang paraan sa itaas ang naaangkop sa iyo, kailangan mong kumuha ng Japanese Drivers License. Mag-aral sa driving school sa Japan, ipasa ang skills test sa paaralan tsaka kumuha ng written test sa Drivers License Center.

Dito sa Akita Prefecture, maaari kang mamili ng test sa wikang Hapon (with prefixes/furigana) o kaya english written test.

Para sa iba pang detalye tungkol sa pagkuha ng test sa License Center, tumawag lang sa Akita Prefectural Police Headquarters Drivers License Center.

(TEL: 018-862-7570)



### Karagdagang impormasyon

《Tungkol sa mga foreign language textbooks kung kukuha ng lisensya dito sa Japan》  
Ang “Traffic Instruction” (JAF issued) ay mabibili sa mga wikang English, Chinese, Spanish at Portugese. Ang mga tanong sa pagsusulit ay karaniwang kinukuha mula sa aklat na ito.

JAF Akita Branch TEL : 018-864-8492

Q 2 1 Marami akong gustong malaman tungkol sa pamumuhay dito sa Japan, subalit nahihirapan akong magbasa sa wikang Hapon. Mayroon bang aklat tungkol dito na nakasulat sa sarili kong wika?

A 2 1 Basahin ninyo ang multilingual life information na inilabas ng Council of Local Authorities for International Relations (CLAIR). Nakasulat dito ang mga kailangan sa pamumuhay dito sa Japan sa wikang Hapon na madaling maintindihan at sa wika ng iba-ibang bansa.

CLAIR Multilingual Life Information

URL: <http://www.clair.or.jp/tagengo/>

日本語 English 中文 한국-조선어 Español Português Tagalog  
Deutsch Tiếng Việt Français Русский Indonesian ภาษาไทย

はじめに 編集委員

## 多言語生活情報

このホームページには日本の生活に必要なことが書いてあります。いろいろなことばでも読むことができます。(上のことばをえらんでください)  
やさしい日本語は下からえらんでください。

<b>A</b> 新しい在留制度	<b>J</b> 日本の学校
<b>B</b> 在留資格	<b>K</b> 日本語のべんきょう
<b>C</b> 結婚・離婚	<b>L</b> 税金
<b>D</b> いろいろな手続き	<b>M</b> 家を買う・かりる
<b>E</b> 仕事	<b>N</b> 交通
<b>F</b> 病気、けが	<b>O</b> 生活のきまり
<b>G</b> 年金	<b>P</b> 緊急・災害
<b>H</b> 赤ちゃん子ども	<b>Q</b> わからないことがあるとき (相談窓口)
<b>I</b> いろいろな福祉	

多言語生活情報リンク集  
オリエンテーションガイドブックPDF

Q 2 2 Naghahanap ako ng taong makakapag-paliwanag at makakapag-salin ng wikang Hapon. Mayroon po ba kayong maipapakilala sa akin?

A 2 2 Ang Akita International Association ay maaaring magpakilala sa inyo ng taong makakapag-salin (translate) at makakapag-paliwanag (interpret) sa inyo. Tumawag sa AIA para ipaalam kung kailan, saan at ano ang kailangan ninyo. May bayad ang pagpasalin at pagpaliwanag.

Akita International Association

TEL : 018-893-5499

Para sa mg gustong humiling ng trabaho sa AIA

URL : <http://www.aiahome.or.jp/pages/page-1488462840-183>

**Q 2 3** Tumanggap ako ng My Number. Kailan ito gagamitin?

**A 2 3** Ang My Number ay 12-digit na personal na numero ng bawat mamamayan ng Japan. Ginagamit ito para sa pensiyon, buwis at medical care. Kahit na banyaga basta mayroong resident card ay bibigyan ng My Number. Maraming bagay tungkol sa iyo ang malalaman sa numero na ito. Mahalaga ito kaya huwag ipaalam sa kahit kanino kung hindi kayo tiyak sa layunin nila.

• **Pagtatanong tungkol sa My Number System**

**TEL: 0120-0178-26**

**9 : 30 a.m – 10 : 00 p.m (weekdays)**

**9 : 30 a.m – 5 : 30 p.m (weekends /holidays)**

**Wika: English, Chinese, Korean, Spanish, Portugese**

• **Kapag nawala ang papel na nakasulat ang My Number**

**TEL: 0120-0178-27**

**24 Hours (Everyday)**

**Wika: English, Chinese, Korean, Spanish, Portugese**

• **Cabinet Secretariat My Number Social Security & Tax Number System**

**URL: <http://www.cas.go.jp/jp/seisaku/bangoseido/foreigners/>**

**English, Chinese, Korean, Spanish, Portugese at 21 na wika maaring basahin ito.**



## Mga maaaring gawin sa City Hall (Opisina ng Pamahalaan)

Maraming magagawa sa City/Town Hall upang mamuhay dito sa Japan. Ang mga nakasulat sa ibaba ay maaari ninyong ayusin sa mga opisina ng pamahalaan. Mayroon ding konsultahan.

Resident Registration (Ipaalam ang kasalukuyang address)	Pagpasok sa paaralang elementarya at junior high, at pagpasok sa kalagitnaan ng taon	Report of Death (Ipaalam sa city hall kapag namatayan ng pamilya)
National Pension (Pension na kinukuha ng lahat)	Rehistro ng Kasal - Divorce Notice (Ipaalam kapag ikakasal o makikipaghiwalay)	Pagpasok sa nursery school
National Health Insurance (Public Health Insurance ng mga taong hindi namamasukan sa isang kumpanya)	Birth Certificate (Ipaalam kapag nanganak)	Iba pa, sari-saring konsultasyon





## Local Foreign Counselors ng AIA

Mga mahihingan ng payo tungkol sa mga problemang nahaharap ng mga dayuhang residente. Makipag-ugnayan sa nasa inyong lugar. (Abril 1, 2020)

Lugar	Pangalan Telepono	Kailan				
		Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
Kazuno City Kosaka Town	Tomoko Ito 090-3644-5194	9 : 00- 17 : 00	9 : 00- 17 : 00	-	9 : 00- 17 : 00	9 : 00- 17 : 00
Odate City Kita-akita City Kamikoani Village	Mikiko Kobayashi 090-4319-3695	10 : 00- 16 : 00	-	10 : 00- 16 : 00	-	-
Noshiro City Happo Town Fujisato Town Mitane Town	Yuko Kitagawa 090-3640-0459	10 : 00- 17 : 00	10 : 00- 17 : 00	10 : 00- 17 : 00	10 : 00- 17 : 00	10 : 00- 17 : 00
Oga Katagami Ikawa Gojome Hachirogata Ogata Village	Kiyoko Kudoh 090-4045-8690	10 : 00- 17 : 00	10 : 00- 17 : 00	10 : 00- 17 : 00	10 : 00- 17 : 00	10 : 00- 17 : 00
Akita City	Hisae Kobayashi 090-3983-8498	11 : 00 16 : 00	-	11 : 00 16 : 00	11 : 00 16 : 00	11 : 00- 13 : 00
Yurihonjo City Nikaho City	Eiko Fujishima 090-2360-4817	9 : 30- 17 : 00	9 : 30- 17 : 00	13 : 00- 17 : 00	9 : 30- 17 : 00	9 : 30- 17 : 00
Daisen City Senboku City Mitane Town	Mitsuaki Suzuki 090-2276-1113	10 : 00- 16 : 00	10 : 00- 16 : 00	10 : 00- 16 : 00	10 : 00- 16 : 00	10 : 00- 16 : 00
Yokote City	Mikiyo Fujiwara 090-7880-0011	9 : 00- 17 : 00	9 : 00- 17 : 00	13 : 00- 17 : 00	9 : 00- 17 : 00	-
Yuzawa City Ugo Town Higashi-naruse Village	Mayuko Kurata 090-4550-1211	10 : 00- 16 : 00	10 : 00- 16 : 00	-	10 : 00- 16 : 00	-



## Listahan ng Japanese Classrooms

※Maaaring may pagbabago sa impormasyon tungkol sa mga silid-paaralan na ito. Tumawag lamang para sa mga detalye. (Mayo 1, 2019)

Lugar	Pangalan	Schedule	Saan	Telepono
Kazuno City	Kazuno City Japanese Classroom	Sabado 13:30~15:30	Bunkanomori Exchange Hall 「Comosse」 Conference Room 1	☎0186-30-0292
Odate City	Odate City Japanese Classroom	Lunes 17:30~19:30 Miyerkules 10:00~12:00	Kenboku Gender Equality Center	☎0186-43-7027
Kita-Akita	Kita-Akita City Japanese Classroom	Linggo 10:00~12:00	Kita-Akita Shimin Fureai Plaza	☎0186-62-1130
Kamikoani	Fureai Class	Lunes 19:00~	Kamikoani Village Shogaigakusho Center	☎0186-60-9000
Noshiro City	Noshiro Japanese Learning Association	Martes 19:00~21:00 Huwebes 10:00~12:00	(Martes) Noshiro City Chuo Kominkan (Huwebes) Hataraku Fujin No Ie	☎0185-89-2148
Fujisa Town	Fujisato International Association Japanese Classroom	Miyerkules (2 X buwan) 10:00~12:00	Fujisato Town Sansedai Kouryukan	☎0185-79-1327
Mitane Town	Japanese Classroom	1st・3 <sup>rd</sup> Martes 10:00~12:00 2nd・4 <sup>th</sup> Biyernes 10:00~12:00	Hachiryu Kominkan	☎0185-85-2177
Oga City	Oga City Japanese Classroom	Sabado ( 2 X buwan) 10:00~12:00	Oga City Chuo Kominkan	☎0185-23-2251
Katagami City	Katagami City Japanese Classroom	Linggo (2-3 Xbuwan) 10:00~12:00	Katagami Tenno Kominkan	☎018-878-4111
Hachirogata Town	Japanese Classroom Hachirogata	1st・2nd・3 <sup>rd</sup> Huwebes (Abril~ Disyembre, Marso) 19:00~21:00	Hachirogata Roman no Sato	☎018-875-2092

Lugar	Pangalan	Schedule	Saan	Telepono
Akita City	Akita City Japanese Classroom	Huwebes 18:30~20:00	Akita City Nigiwai Kouryukan AU 4F Room 1・2	☎018-888-5464
	Japanese Classroom “Nijiasu”	Miyerkules (3xbuwan) 10:00~11:30	Tumawag lang	☎018-834-7936
	Japanese Classrom “Jalsa”	Miyerkules 14:30~16:00	Tumawag lang	☎018-835-2009
	Iroha Club	Martes 17:50~19:15	Atorion 6F Harmony Plaza	☎018-864-1706
Yurihonjo City	Yurihonjo City Japanese Classroom	Biyernes (Abril~Disyembre) 18:45~20:45	Bunka Kouryukan 「Kadare」	☎0184-22-0900
Nikaho City	Nikaho City Japanese Classroom Kouryukai	Sabado (4xbuwan) 9:00~11:00	Kisakata Kominkan	☎0184-43-7510
Daisen City	Daisen・Senboku Kouikan Japanese Classroom	Martes 19:00~21:00	Omagari Kouryu Center	☎0187-63-1111 (extension339)
Senboku City		Huwebes 10:00~12:00		
		Misato Town	Linggo 10:00~12:00	
		Martes 10:00~12:00	Misato Chuo Fureai Center	
Yokote City	Yokote City Japanese Classroom	Biyernes 10:00~12:00	Y 2 Plaza	☎0182-35-2162
	Volunteer Japanese Classroom	Martes・Biyernes 17:00~21:00	Gender Equality Center	☎0182-23-5337
Yuzawa City	Yuzawa City Japanese Classroom (Yuzawa)	Wednesday (Abril~Disyembre) 10:00~12:00	Yuzawa City Hall Main Office Bldg. 3F Meeting Room	☎0183-73-2163
		3 <sup>rd</sup> Biyernes (Abril~Disyembre) 19:00~21:00		
	Yuzawa City Japanese Classroom (Ogachikai)	Huwebes (Abril-Disyembre) 19:00~21:00	Ogachikai Bunka Kaikan Shichokaku Hall	

## Listahan ng matatawagan kapag nagka-problema

Ang mayroong ★ na marka ay maaring komunsulta sa ibang wika. Ang iba sa wikang Hapon lamang.

Nais ikunsulta	Opisina	Telepono	Oras / Araw
▶ (English • Chinese • Korean)	Akita International Association (AIA)	018-884-7050	★Huwebes 13 : 00-15 : 00
▶Kapag hindi alam kung saan kukunsulta		018-893-5499	Weekdays 9:00-17:45
▶Status of Residence	Akita Branch Office Sendai Regional Immigration Bureau	018-895-5221	Weekdays 9 : 00-12 : 00 13 : 00-16 : 00
	★Foreign Residents General Information Center	03-3202-5535 03-5155-4039	Weekdays 9 : 00-16 : 00
▶Passport Renewal ▶Pag-bisita ng pamilya & kaibigan atbp.	Foreign Embassies and Consulates na nasa Japan	Pahina 6	-
▶Domestic Violence	Akita Womens Counseling Center	018-835-9052	Weekdays 8 : 30-21 : 00 Sabado/Holidays 9 : 00-18 : 00
▶Compulsory Education	Mga lokal na opisina ng Board of Education	Pahina 22	-
▶Pagpasok sa High School	(Public) Akita Prefectural Office of Education, High School Division	018-860-5161	-
▶Paghanap ng trabaho	Hello Work	Pahina 14	-
▶Biglaang pagkatanggal sa trabaho	Labor Standards Inspection Office sa inyong lugar	Pahina 17	-
▶Hindi sinasahuran			
▶Nais mag-aral ng wikang Hapon	Mga Japanese Classrooms	Pahina 30-31	



**Konsultasyon ng mga Banyaga Q&A**  
**Published Pebrero 1, 2021**  
**Publisher: Akita International Association (AIA)**

**Akita International Association (AIA)**  
**Office: Atorion Bldg. 1F, 2-3-8 Nakadori**  
**Akita City**  
**TEL: 018-893-5499**  
**FAX: 018-825-2566**  
**E-mail: [aia@aiahome.or.jp](mailto:aia@aiahome.or.jp)**  
**HP: <http://www.aiahome.or.jp/>**

